

Hinggil sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Internet: Ilang Panimulang Tala Para sa Pangangasiwang Pangwika



Gerard Panggat Concepcion

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Si **Concepcion** ay mag-aaral ng PhD Filipino (Pagpaplanong Pangwika) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuya siyang Katuwang na Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman. Interesado siya sa mga paksa tungkol sa wikang Filipino at internet.*

Abstrak

Mahalaga ang pag-unawa ng mga paniniwala sa wika (language beliefs), dahil ibinubunyag nito ang mga pagpapahalaga at dahilan sa paggamit / hindi paggamit ng isang partikular na wika ng mismong mga ispiker nito. Sa pamamagitan ng pagpapasagot ng talatanungan, ilalatag ng papel ang panimulang empirikal na datos hinggil sa mga paniniwala ng mga Pilipinong nag-iinternet mula sa mga Lungsod ng Pasay at Makati sa kanilang paggamit at hindi paggamit ng wikang Filipino. Mula sa ginawang pagsusuri, lumitaw ang iba't ibang salik gaya ng kausap, paksa, at layunin na nakaiimpluwensiya kung bakit ginagamit at hindi ginagamit ang wikang Filipino sa internet. Sa huli, itinutulak ng pag-aaral ang pagbuo ng mga hakbang na maaaring makaiimpluwensiya sa mga Pilipino tungo sa lalong paggamit, pagpapataas, pangangalaga, at pagpapaunlad ng wikang Filipino sa komunikatibo, impormatibo, at transaksyunal na mga aspektong paggamit sa internet.

Mga Susing Salita

wikang Filipino, Internet, Pangangasiwang Pangwika, ideolohiya, saloobin at paniniwala sa wika



HASAAN

Panimula

Isa sa napapanahong paksa na hindi pa gaanong dinidiskurso sa pag-aaral ng pambansang wika ay ang pagtatasa sa sitwasyong pangwika ng wikang Filipino sa internet, na nakakonteksto sa disiplina ng Pagpapalano at Pangagasiwang Pangwika. Sa katunayan, nahuhuli ang bansang Pilipinas sa pagbuo ng mga hakbang upang mas lalong magamit at mapalakas ang wikang Filipino sa internet. Nitong mga nagdaang taon, walang palisi o probisyong nabuo sa nasyunal na antas upang matugunan ang ganitong adhikain, kundi mga probisyon at batas lamang hinggil sa pagpapalakas sa serbisyo ng internet, pagpapalawig sa digital na impormasyon, at *anti-cyber bullying* ang ilang nailatag at naisagawa. Sa katunayan, hindi pa rin makasisiguro ang pangangalaga at pagpapalakas sa wikang Filipino bilang bahagi sa mga mandato o adyenda ng kabubuo pa lamang na *Department of Information and Communications Technology* (DICT) nitong Hunyo 2016.

Mahalaga ang pagtasa o pag-unawa hinggil sa sitwasyon ng isang partikular na wika. Sa pamamagitan nito, maaaring mahinuha ang mga kalakasan at mga kahinaan sa mga gamit at paggamit nito sa iba't ibang konteksto. Tunguhin ng ganitong proseso ang pagpapalitaw ng iba't ibang suliranin hinggil sa wika, maging ang paglalalatag, pagbubuo, at paglalapat ng iba't ibang hakbang upang masolusyonan ang mga suliraning ito. Sa usapin ng internet halimbawa, dekada '90 pa lamang ay sinuri at inalam na ng bansang Tsina at ng rehiyong Katalonya sa Espanya ang mga suliranin na kinakaharap ng kani-kanilang mga wika. Kasama ng mga karampatang kampanya at advokasi, naging mahalaga ang kanilang ginawang mga pagtatasa at pagsusuri kalahok ang kani-kanilang mga gobyerno sa pagbubuo ng mga kagyat na solusyon. Sa kaso ng Tsina halimbawa, *digitalization* o paglilipat ng mga simbolong pangkompyuter ang naging pangunahing suliranin ng wikang Mandarin. Gumastos nang malaki ang gobyernong Tsina upang bumuo ng mga advokasi, mga teknikal na programa at aplikasyon. Bunga ng pagpupunyaging ito ang "Comprehensive Table of Standardized Characters" (CTSC) na nakatuon sa kompyuterisasyon at digitalisasyon ng modernong *hanzi* (Zhao at Baldauf 43). Habang sa kaso ng rehiyong Katalonya, hindi naging problematiko ang pagpapasok ng wikang Catalan sa kompyuter at internet; kundi ang *revitalization* o muling pagpapasigla nito upang piliin at gamitin bilang wika sa pag-iinternet. Gumastos ang kanilang gobyerno ng \$500,000 upang maisalin sa Catalan ang wika ng noo'y Windows '98. Dagdag pa rito, binayaran nila ang Yahoo.com ng €600,000 upang mailagay ang wikang Catalan bilang isa sa mga mapagpipiliang wika sa websayt nito.

Habang ang kompanyang Softcatalà, ay gumawa ng mga *business software product* sa bersyong Catalan. Samantalang ang akademya naman ang nagtulak sa mga mga ispiker ng wikang Catalan na maglunsad ng iba't ibang mga proyekto upang magamit ang wikang ito sa internet (Gerrand 11).

Paano maaaring mailapat ang disiplina ng Pangangasiwang Pangwika sa larangan ng internet?

Inilalatag ng pag-aaral na maaaring masuri ang paggamit ng wika sa komunikatibo, impormatibo, at transaksyunal na mga aspekto sa internet. May mga tiyak na gamit ang wika sa konteksto ng internet at pag-iinternet gaya ng komunikatibong aspekto kung saan wika ang gamit ng mga indibidwal upang mag-usap at magkaunawaan. Ikalawa sa impormatibong aspekto, wika ang gamit ng mga indibidwal upang intindihin ang mga impormasyong makukuha sa internet. Ikatlo sa transaksyunal na aspekto, wika ang gamit ng mga mismong indibidwal sa pagtanggap at pagbibigay ng utos (command) hinggil sa kanilang paggalugad sa mga pasikot-sikot na espasyo sa internet. Mahalaga kung gayon, na nakatutugon ang isang partikular na wika sa tatlong mga aspektong nabanggit; kung hindi, malaki ang posibilidad na ang wikang ito'y maisantabi, o tuluyan nang hindi magamit. Mula sa ganitong konteksto maaaring ilapat ang Pangangasiwang Pangwika ng wikang Filipino sa internet. Sa pamamagitan ng pagsuri at pag-unawa sa sitwasyong pangwika nito ay makalilikom ng empirikal na datos, na magsisilbing gabay sa pagtukoy ng mga kahinaan o suliranin na siya namang pagbabatayan sa pagbuo ng mga karampatang hakbang upang mapataas, mapangalagaan, at mapaunlad ang pambansang wika (Concepcion 10).

Paglalatag ng Sitwasyong Pangwika at Ang Ugnayan sa Pangangasiwang Pangwika

Nahahati ang kahalagahan sa pag-alam at pag-unawa sa sitwasyong pangwika sa dalawang pagtingin. Una, malaki ang kinalaman ng mga paniniwalang ito sa kung paano tinatrato at/o pinapahalagahan ng isang indibidwal ang isang partikular na wika. Bagaman ang paniniwala sa wika ay nasa antas ng intelektuwal o ideolohikal, mas kongkreto itong nakikita sa paggamit niya ng wika at sa mga pagpili (choices) na kaniyang ginagawa sa pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon at pakikipag-interaksyon. Makikita rin ito sa kung paano niya impluwensiyahan ang ibang mga indibidwal hinggil sa kanilang sariling paniniwala at sa kanilang paggamit ng wika. Kung kaya, ang

HASAAN

paniniwala sa wika ay nagsisilbing batayan hinggil sa mismong praktis ng isang indibidwal hinggil sa paggamit niya ng wika. Sa kaso ng wikang Navajo (ikalawa sa pinakamalaking Native American tribe sa Amerika) halimbawa, naniniwala ang mga magulang na hindi praktikal para sa kanilang mga anak na magsalita ng Navajo dahil sa palising monolingguwal ng Amerika. Naniniwala sila na sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Ingles, mas madaling makakukuha ng trabaho at mas magiging mabuti ang buhay ng kanilang mga anak. Sa katunayan, noong taong 1970 pa naranasan ng mga Navajo ang diskriminasyon dahil hindi sila marunong magsalita ng wikang Ingles. Upang hindi na ito maranasan ng nakababatang henerasyon, mas pinili na ng mga matatandang Navajo na pag-aralin ng wikang Ingles ang kanilang mga anak sa mga paaralan. Kaugnay din nito ang paniniwala hinggil sa wikang Ingles bilang wika ng modernong mundo, wika sa mga karatig-bayan na kung saan sila maghahanap ng trabaho, wika ng literasi, at wika sa mga telebisyon at kompyuter (Parsons-Yazzie 89-90).

Ikalawang salik ang paniniwala sa wika sa pagsusuri ng sitwasyon ng wika. Isang mainam na sukatan ito kung paano mag-isip ang isang komunidad ng mga ispiker batay sa kanilang mga paniniwalang ikinakabit sa kanilang wika. Kaya naman matatawag ring ideolohiya ito ng buong komunidad. Ugnay ang mga paniniwala sa wika sa mismong mga iniisip, prinsipyo, saloobin, at atitud na masasabing may kaugnayan sa isang kolektibong *psyche* na nakapaloob sa isang partikular na komunidad ng mga ispiker hinggil sa paggamit ng isang partikular na wika (Spolsky 3-4). Sa kaso ng Pilipinas halimbawa, maraming mga pagkakataon na hindi pumapabor sa pambansang wika ang ilang mga palisi. Sa ilang mga paaralan, ang pagkakaroon ng “English Speaking Zone” na palisi ay malinaw na interbensyon upang manipulahin at pasunurin ang mga mag-aaral nito na gamitin lamang ang wikang Ingles sa halip na gamitin ang wikang Filipino. Bagaman maraming beses na itong tinutulan ng mga indibidwal at makabayang organisasyon gaya ng Tanggol Wika, Komisyon sa Wikang Filipino, mga Departamento ng Filipino sa iba’t ibang unibersidad sa Pilipinas, at marami pang iba na nagtataguyod sa pagpapalakas ng wikang Filipino, ay malaki ang tulak at impluwensiya na ikinakabit ng mga Pilipino sa wikang Ingles bilang wika (diumano) ng karunungan at kaalaman.

Sa ganitong pagtingin, maituturing na mahalagang salik ang mga pagpapahalaga at paniniwala sa pagsusuri ng sitwasyon o kalagayan ng wikang iyon. Mapalilitaw ng mga paniniwalang ito ang mga kahinaan at kalakasan ng wika, na siyang mahalagang parametro para sa pagbuo ng mga angkop na hakbang o solusyon na kailangang isakatuparan ng isang komunidad. Kung

gayon, ang pangunahing tunguhin ng Pangangasiwang Pangwika sa konteksto ng internet ay ang makagawa ng mga hakbang upang masagot ang mga suliraning kinakaharap ng wika sa internet nang sa gayon ay mas magamit ito sa internet.

Sa isang banda, ang sitwasyon ng wika ay maaaring unawain sa iba't ibang antas at manipestasyon. May pangangailangang mapalitaw ang mga tiyak na konteksto hinggil sa kung paano ginagamit, at sa kung ano ang gamit ng isang partikular na wika. Bagaman ang ganitong tunguhin ay maaaring magawa sa pamamagitan ng obserbasyon lamang, may puwang itong iniwan hinggil sa pag-unawa ng mga personal na paniniwala (na hindi naoobserbahan) ng mga mismong gumagamit ng partikular na wika. Kung kaya, bukod sa impormasyon hinggil sa kung paano ginagamit at kung ano ang gamit ng wika, mahalaga ring matukoy ang demograpikong impormasyon at konteksto ng mismong mga gumagamit/ispiker nito. Isinasaalang-alang dito ang indibidwal na impormasyon ng mga ispiker, ang kanilang relasyon sa isa't isa, ang kanilang mga layunin, paksa ng pinag-uusapan, at ang uri ng wika na kanilang ginagamit sa komunikasyon (Baym 142-143).

Mula sa perspektibong ito hinggil sa ugnayan ng sitwasyon ng wika at Pangangasiwang Pangwika, kinikilala ng pag-aaral na ang indibidwal na nag-iinternet ang pinagmumulan ng anumang naoobserbahang kalagayan/sitwasyon ng isang partikular na wika. Dahil siya rin ang mismong gumagamit ng wika, lumilitaw na mahalaga ang kaniyang mga paniniwala hinggil sa kaniyang paggamit / hindi paggamit nito sa internet. Maaari namang ugnay ang mga paniniwalang ito ng indibidwal sa konteksto ng mga kausap niya sa iba't ibang ugnayan sa internet; pagkakaroon niya ng mga layunin sa pag-iinternet; at pakikibahagi niya sa iba't ibang paksa ng pag-uusap o pagsusulatan sa internet. Samakatuwid, ang pag-alam at pagpapalitaw sa impormasyong makukuha sa mga indibidwal hinggil sa kung kanino, kung para saan, at kung bakit / bakit hindi nila ginagamit ang isang partikular na wika sa internet ay panimulang paraan hinggil sa kalagayan ng wika sa internet.

Panimulang pag-aaral ang papel na ito na naglalayong malaman at maunawaan ang mga paniniwala ng mga Pilipinong nag-iinternet mula sa mga Lungsod ng Pasay at Makati hinggil sa kanilang paggamit ng wikang Filipino sa internet. Pinili ang mga lugar na ito sapagkat ang mga lungsod na ito ay bahagi ng National Capital Region kung saan pinakamaraming Pilipino ang aktibong gumagamit ng internet (Labucay 7). Dagdag pa rito, matatagpuan sa mga lungsod na ito ang ilang mga mall na pinakapinupuntahan ng iba't ibang uri ng tao na siyang kalahok ng pag-aaral.

HASAAN

Sa paglikom at pag-alam ng paniniwala ng mga Pilipinong nag-iinternet hinggil sa kanilang paggamit sa wikang Filipino, sarbey ang ginamit upang makakuha ng malawakang impormasyon sa isang mabilisang paraan, na masasabing pampersonal at hindi maaaring makalap sa pamamagitan ng obserbasyon lamang. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang *convenience sampling* na kung saan ang pagkuha ng mga kalahok ay mula sa mga lugar na malapit at kumbenyente (aksesibol) sa mananaliksik. Liban sa lugar ng pag-aaral bilang bahagi ng pinakamataas na bahagdan ng mga Pilipinong nag-iinternet, walang anumang pamantayan (o kraytirya) ang binuo bago pa man piliin ang mga indibidwal na kalahok.

Isang talatanungan ang binuo ng tutunghay sa iba't ibang aspekto ng: Una, pampersonal na impormasyon gaya ng edad, kasarian, pinakamataas na edukasyong nakamit, dalas ng pag-iinternet, lugar ng pag-iinternet, at pangunahing dahilan sa pag-iinternet. Ikalawa, wikang/mga wikang ginagamit sa internet ayon sa kanilang pagkakagusto (*language preference*). Ikatlo, dalas ng paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang anyo ng komunikasyon sa internet, sa iba't ibang mga kausap sa internet, at sa iba't ibang mga ginagawang aktibidad sa internet. Ikaapat, mga pangunahing dahilan sa paggamit / hindi paggamit ng wikang Filipino sa internet. Samakatuwid, tangka ng pag-aaral na makita kung sino ang masigasig na gumagamit ng wikang Filipino, saan ito kadalasang ginagamit, at bakit / bakit hindi ito ginagamit sa internet. Kung hindi man tiyak na masusukat, ay maaari pa rin namang maobserbahan at mapagnilayan ang mga empirikal na datos na ito. Maaaring gawing gabay ang panimulang impormasyon na ito upang mapalitaw ang iba't ibang mga katangian at kalagayan ng wikang Filipino bilang isang wikang pinipili at ginagamit sa konteksto ng internet.

Upang maisakatuparan ang pag-aaral, ang mananaliksik ay nagtungo sa ilang mall sa mga Lungsod ng Pasay at Makati gaya ng Glorietta Mall, Alphaland Southgate Mall, Pasay Mall, Mall of Asia at Metropoint Mall noong Agosto 1-31, 2014. Siya ay nag-abot ng mga talatanungan sa lahat ng mga indibidwal na kaniyang nasalubong sa loob ng mga mall na nabanggit. Bagaman nag-abot ng 10,000 kopya ng talatanungan ang mananaliksik sa 10,000 mga indibidwal, 4,740 lamang ang nagbigay ng panahon upang sagutan ang talatanungan. Ang mga indibidwal na sumagot at nagbalik lamang ng talatanungan sa mananaliksik ang siyang tinanggap bilang kalahok (respondent) sa pag-aaral. Sa ilang mga pagkakataon, may ilang mga tanong/aytem ang hindi nasagutan kung kaya't hindi isinama ang mga tanong/aytem na ito sa indibidwal na pagpupuntos.

Gamit ang deskriptibong estatistika bilang lapit, inalam at nilikom mula sa datos ang iba't ibang sagot ng mga kalahok hinggil sa iba't ibang impormasyon na hinihingi ng talatanungan.

Resulta ng Pag-aaral

Tulad na nabanggit sa unahan, mahalagang matukoy ang demograpikong impormasyon at konteksto ng mismong mga gumagamit/ispiker. Nahahati ang pagtalakay sa resulta ng pag-aaral sa mga demograpikong salik at salik na ayon sa tema gaya ng kausap, paksa at layunin ng indibidwal bilang bahagi ng sitwasyong pangwika sa internet.

A. Edad at Edukasyon bilang Demograpikong Salik sa Pagpili ng Wikang Pang-internet

Ang bulto ng mga kalahok ay babae at nabibilang sa nakababatang edad na 12-21 na kadalasang nasa primarya at sekondaryang edukasyon. Halos lahat ng mga kalahok ay araw-araw kung mag-internet gamit ang kani-kanilang mga *smart phone* o kompyuter para sa pakikipagkomunikasyon, pananaliksik, paggamit ng mga Social Networking Site (SNS) gaya ng *Facebook*, *Twitter*, at *Instagram*, at paglalaro ng mga e-game at iba pang mga anyo ng paglilibang. Dagdag pa rito, lumitaw rin na ang mga kalahok ay gumagamit ng iba't ibang anyo ng komunikasyon sa internet partikular na ang *e-mail*, *chat*, at *forum*. Iba-ibang aktibidad ang kanilang ginagagawa sa internet gaya ng pagbili at pagbenta ng mga gamit, pagbabangko, pagpapareserba sa mga restawran at hotel, pagbabayad ng mga gastusin, paghahanap ng trabaho, pagbabasa ng mga balita, pagda-*download* ng mga pelikula at awitin, at paghahanap ng impormasyon sa iba't ibang paksa.

HASAAN

Talananayan 1

Ilang Demograpikong Impormasyon ng mga Kalahok

Demograpikong Salik	Bilang ng mga Kalahok	Bahagdan %
*Edad		
12-16	2653	55.97
17-21	1403	29.60
22-35	451	9.51
36-pataas	110	2.32
*Seks		
Lalake	2102	44.3
Babae	2415	54.95
*Edukasyon		
Primarya	1113	23.48
Sekondarya	2705	57.07
Kolehiyo	798	16.84
MA / PhD	62	1.31
*Dalas ng Pag-iinternet		
Araw-araw	1977	41.69
4 o 5 beses sa isang linggo	1063	22.42
2 o 3 beses sa isang linggo	1115	23.51
1 beses sa isang linggo	521	10.99
*Dahilan ng Pag-iinternet		
Paghahanap ng impormasyon	2756	58.14
Pakikipagkomunikasyon	743	15.67
Pakikipag-ugnayan (SNS)	673	14.19
Paglilibang	545	11.49

Batay sa resulta ng sarbey, 56.8% o karamihan sa mga kalahok ay nag-ulat na wikang Filipino ang pinakagusto nilang gamitin sa internet. Ang mga demograpikong salik ng edad at edukasyong nakamit ay kinakitaan ng

kaugnayan ayon sa kung anong wika ang kanilang mas nais gamitin sa internet. Lumitaw mula sa datos na ang mga kalahok na may edad na 12-16 (na nasa antas primarya at/o sekondarya) ay mas nais gamitin ang wikang Filipino (68.1%); habang ang mga kalahok na may edad 17-pataas (na nasa antas sekondarya, kolehiyo, MA/PhD) naman ay mas gamitin ang wikang Ingles (58.7%).

B. Resulta ng Pag-aaral ayon sa Mga Salik sa Usapin ng Sitwasyong Pangwika

Kaugnay ng demograpikong salik ang mga salik ng kausap, paksa, layunin at ang mga konteksto nito sa paglalarawan ng sitwasyong pangwika. Sa bahaging ito, iisa-isahin ang lumitaw na tema sa bawat salik at ang pinipiling wika ng bawat kalahok kaugnay ng mas malawak na konteksto ng ugnayan ng wika, komunikasyon at teknolohiya sa bansa.

Salik na Kausap sa Internet bilang Domeyn na Pangwika

Bilang mga bilingguwal at multilingguwal na mga indibidwal, laging may pagpipilian ang mga Pilipino sa wikang maaaring gamitin sa pakikipagkomunika. Maaaring Pilipino at banyaga ang maaaring makausap sa internet bilang isang global na midya kung kaya mahalagang malaman kung paano nagkaiba o nagkatulad ang mga wikang pinipili sa pakikipag-usap sa mga ito.

1. Wikang Filipino sa Pakikipag-usap sa pagitan ng mga Pilipino

Sa mga Pilipinong kausap, inuri ng mga kalahok ang mga sumusunod: kapamilya sa Pilipinas, kapamilya sa ibang bansa, matalik na kaibigan sa Pilipinas, matalik na kaibigang Pilipino sa ibang bansa, kakilala sa Pilipinas, at kakilalang Pilipino sa ibang bansa; samantalang ang mga banyagang kausap ay maaring kaibigan/kakilala o katrabahong banyaga.

Batay sa pag-aaral, pambansang wika ang ginagamit ng mga kalahok kung Pilipino ang kausap. Ayon na rin sa kanila, ang paggamit sa wikang Filipino sa iba't ibang usapan ng mga Pilipino ay naidaraan sa iba't ibang anyo ng komunikasyon sa internet lalo na sa *chat* at *private message, forum*, pagpapaskil ng mensahe, at pagkomento sa mga SNS.

Lumitaw ang apat na dahilan sa pagpili ng wikang Filipino sa pakikipag-usap sa kapwa Pilipino 1) mabilis maintindihan (68.14%), 2) madaling gamitin (16.2%), 3) mas sanay dahil unang wika (9.6%), at 4) upang hindi mapahiya

HASAAN

kung sakaling magkamali (6.15%). Ang paglitaw ng mga salitang “madali,” “mabilis,” at “magaan” na uri ng komunikasyon na iniuugnay sa paggamit ng wikang Filipino sa internet ay nagpapatunay hinggil sa kakayahan ng wikang Filipino na gawing natural at madulas ang anumang pag-uusap sa internet sa pagitan ng mga Pilipinong kalahok.

2. Wikang Ingles sa mga Banyagang Kausap

Halos lahat (91.34%) ng mga kalahok ay nagsabing nararapat na gamitin ang wikang Ingles sa mga pagkakataong banyaga ang kausap sa internet. Dagdag pa rito, lumitaw na ang wikang Ingles ay ang wikang ginagamit ng mga Pilipino upang maunawaan siya sa mga internasyunal na konteksto, o kung nais niyang maintindihan ng mas nakararaming mga indibidwal. Ilan sa mga nabanggit na halimbawa ng mga kalahok ay pakikipag-usap sa mga internasyunal na *chat room* at *forum*, pagpapaskil ng mga post sa *Facebook*, at pagbebenta sa *Ebay*.

Salik na Paksa sa Internet bilang Domeyn na Pangwika

Sa bahaging ito, iisa-isahin ang mga pinipiling wika ayon sa pangkaraniwang paksang pinag-uusapan sa internet.

1. Wikang Filipino sa mga Paksang may Kaugnayan sa mga Pilipino at Pilipinas

Bagaman iniulat ng mga kalahok na mas maraming mga impormasyon sa wikang Ingles ang makikita at mababasa sa internet, ginagamit pa rin naman ang wikang Filipino sa pagsasaliksik sa internet kung ito ay tungkol sa mga paksang may kinalaman sa mga Pilipino o Pilipinas. Karaniwan ang kanilang paggamit ng mga salita o mga parirala gamit ang wikang Filipino kung mga partikular na websayt o impormasyon mula sa Pilipinas ang nais nilang mapuntahan at mabasa.

Dagdag pa rito, lumitaw din ang “pagka-Pilipino” bilang isang mahalagang dahilan kung bakit nararapat gamitin ng mga Pilipino ang wikang Filipino sa internet. Mula sa mga sagot ng mga kalahok (21.56%), nakaugnay ang kanilang paniniwala sa wika bilang tuwirang pagpapakilala kung sino ang mga Pilipino sa kalawakan ng internet. Lumitaw ang mga salitang “dahil Pilipino” at “dahil nasa Pilipinas” mula sa sagot ng mga kalahok.

2. Wikang Ingles sa mga Pormal na Paksa

Mula sa ibinahaging sagot ng mga kalahok, mas angkop na gamitin ang wikang Ingles sa mga pormal na paksa ng usapan (84.7%). Ayon pa sa kanila, mas nararapat gamitin ang wikang Ingles sa mga paksang may kinalaman sa “karunungan” gaya ng siyensiya at teknolohiya, matematika, pilosopiya, at batas. Base sa kanilang mga sagot, lumilitaw na mayroong iniuugnay na mga paksa ng usapan, o di kaya’y mga disiplina ng kaalaman kung kailan nararapat gamitin ang wikang Ingles.

Salik na Layunin sa Internet bilang Domeyn na Pangwika

Sa bahaging ito, ilalahad ang resulta ng pag-aaral na nakatuon sa layunin ng indibidwal bilang kalahok sa interaksyon sa internet lalo na sa aspekto ng layuning nagpapakita o naggigiit ng higit na kakayahan at oportunidad.

1. Wikang Ingles bilang Wika ng Prestige

Isa sa mga pagpapahalagang lumitaw na ikinakabit ng mga kalahok sa wikang Ingles ay ang paniniwalang wika ito ng prestige, kaalaman, at/o yaman. Halos kalahati o 45.32% ang nagsabing ginagamit nila ang wikang Ingles kung nais nilang “magmukhang matalino o mayaman” sa kanilang kausap. Batay sa kanilang ibinahaging mga sagot, lumilitaw na “artipisyal” o pakita lamang ang naidudulot ng wikang Ingles partikular sa kanilang pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan sa internet.

2. Wikang Ingles sa Iba’t Ibang mga Transaksyon sa Internet

Isa sa mga nabanggit ng mga kalahok ay ang kawalan ng presensya ng wikang Filipino sa iba’t ibang mga websayt na kung saan sila gumagawa ng iba’t ibang transaksyon. Mayorya ang naniniwala (73.12%) na kung ang layunin ng isang indibidwal ay makakita ng mas maraming impormasyon sa internet (i.e. *Google search*), mainam na gamitin ang wikang Ingles. Dagdag pa rito, kung ang layunin ng isang indibidwal ay may kinalaman sa pagbabangko, pagbili, at pagda-*download* sa internet, wikang Ingles ang kailangang gamitin. Dagdag pa rito, may ilan ring nagbanggit (26.43%) na ang mga websayt ng gobyerno ng Pilipinas ay nasa wikang Ingles ang nilalaman, kung kaya’t napipilitan silang

HASAAN

gumamit ng wikang Ingles sa halip na wikang Filipino sa pagpoproseso ng kani-kanilang mga transaksyon gamit ang internet.

Panunuri sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Internet

Mula sa datos na nakalap, lumitaw ang ilang kahinaan ng wikang Filipino bilang wika sa internet: Una, tunay na hindi lamang ito ang wikang ginagamit ng mga Pilipino sa internet. Sa mas marami pang mga panahon, wikang Ingles ang pinipili at ginagamit ng mga Pilipino sa mga pagkakataong hinihingi ng kanilang kausap, paksa, o layunin. Ikalawa, hindi ito ang wikang ginagamit sa bulto ng impormasyon sa internet. Patunay na mas sanay ang mga kalahok na makabasa o makakita ng impormasyon na nasusulat sa ibang wika, partikular sa wikang Ingles. Ikatlo, ideolohikal ang pagtrato/pagpapahalaga sa wikang Filipino at wikang Ingles. Mas nagmumukhang “matalino,” “pormal,” at “sosyal” diumano ang Pilipinong gumagamit ng wikang Ingles sa internet. Ikaapat, nasanay na ang mga Pilipino na nasa wikang Ingles ang karaniwang transaksyon sa iba’t ibang mga aktibidad sa internet. Patunay na hindi nagagamit, o hindi wikang Filipino ang wika ng transaksyon na mahalaga upang higit na maging praktikal ang pambansang wika. Ikalima, mas “sanay” pa ang ilang mga Pilipino sa paggamit ng wikang Ingles. Patunay na nagpapatuloy ang mga panininiwalang pangwika na hinubog ng tipikal na edukasyon at kalakarang panlipunang hubog sa ideolohiyang Ingles sa internet.

Batay din sa datos na nakalap, aktibong ginagamit ng mga Pilipino ang wikang Filipino sa internet sa usapin ng komunikasyon ngunit hindi ito ginagamit sa “mas malawak na awdyens” (pakikipag-usap sa banyaga, o sa internasyonal na espasyo). Hindi rin nagagamit sa mga impormasyon sa mga websayt (o *web content*), at transaksyon sa internet, at walang prestige bilang wika ng matatalino at mayayaman sa internet.

Sa isang banda, malinaw ang lumitaw sa datos ng sarbey: natutugunan ng wikang Filipino ang komunikatibong tungkulin nito sa mga proseso ng komunikasyon na nagdudulot ng bilis, gaan, at dali ng pagkakaintindihan at pagkakaunawaan sa pagitan ng mga Pilipinong nag-uusap. Ito rin ang wikang ginagamit lalo na sa mga paksang may kinalaman sa mga Pilipino at Pilipinas. Nagiging komportable sa pakikipag-usap at pagkakaunawaan ang mga Pilipinong nag-uusap sa internet; habang nagsisilbi rin naman itong pagkakakilanlan lalo na ng mga impormasyong nagpapakilala kung sino at ano ang mga Pilipino.

Kung susumahin, batay sa pagsusuri hinggil sa mga paniniwala sa wika, aktibong nagagamit ang wikang Filipino bilang wika ng komunikasyon at wika ng impormasyon tungkol sa mga Pilipino at Pilipinas sa internet; samantalang wikang Ingles ang aktibong nagagamit bilang wika ng transaksyon (sa nakararaming mga aktibidad at teknolohiya ng internet), wika ng malawakang impormasyon, wikang ginagamit sa mga banyagang kausap at sa internasyonal na awdiyens, at wika na may “prestige” mula sa perspektibo ng mga Pilipinong kalahok.

Implikasyon sa Pangangasiwang Pangwika

Sa larangan ng internet partikular sa mga SNS, marami nang pagkakataon na naipamalas ang marubdob at impluwensiyal na paggamit ng wika. Naitala halimbawa noong 2015 sa Guinness Book of World Records ang 41 Milyon na mga *tweet* sa loob ng isang araw tungkol sa mensahe ng mga tagahanga ng AlDub. Gayundin ang pag-*trend* ng napakaraming mga *post* at mga *meme* sa Facebook hinggil sa pagpapahayag ng iba’t ibang panawagan, hinaing, at komento ng mga ordinaryong mamamayan tungkol sa iba’t ibang napapanahong isyu at paksa. Sa mga halimbawang ito, makikita na ang paggamit sa wika ay may kaakibat na layunin. Maaaring ito ay nakapagbibigay ng boses para sa isang ordinaryong indibidwal, o nakapagtatanghal ng ninanais na identidad sa mga komunidad, o simpleng may nais ipaisip, ipadama, at/o ipagawa sa sinumang makatatanggap ng mensahe gamit ang internet.

Ipinapalagay na naiimpluwensiyahan ng masalimuot na ugnayan ng mga sosyal, kultural, historikal, relihiyoso, at politikal na mga puwersa/salik sa lipunan – mga komplikado, nagbabago, at sali-salikop na mga konteksto ang usapin ng wika at ang paggamit nito ng isang partikular na komunidad. Hindi neutral ang paggamit ng wika, sapagkat maraming mga salik ang nakaiimpluwensiya kung anong wika ang gagamitin, at kung paano ito gagamitin. Dagdag pa rito, maging ang mga aktitud ng partikular na komunidad hinggil sa paggamit ng wika ay ugnay pa rin naman sa pangkalahatang paniniwala o ideolohiya nila hinggil sa wikang iyon. May ikinakabit ang isang partikular na komunidad sa usapin ng “halaga” at “pagpapahalaga” sa wika. Samakatuwid, ang anumang naoobserbahang praktis ng isang komunidad hinggil sa kanilang paggamit ng wika, ay manipestasyon lamang ng kanilang mga paniniwala (at saloobin) hinggil sa wikang ito (Ricento 10-12).

Nakasandig ang usapin ng Pangangasiwang Pangwika sa argumentong may mapagpipilian ang isang indibidwal sa kung *ano* ang wika na kaniyang

HASAAN

gagamitin. Upang maisakatuparan ang mga manipestasyon (o praktis) na ito hinggil sa paggamit ng wika, naglulunsad/gumagawa ng mga karampatang interbensyon, o anumang pagsisikap upang baguhin o impluwensiyahan ang paggamit sa wika ng mga target na ispiker nito. Kung sisipatin ang Pangangasiwang Pangwika bilang anumang gawain na nakadirekta sa wika at sa paggamit nito, at sa mismong mga gumagamit nito, ibig sabihi’y ang mga gawain at indibidwal na sangkot dito ay maaaring sumailalim hindi lamang sa isang institusyon (halimbawa, ang Akademya na maaaring magdesisyon kung anong estilo ng wikang Filipino ang kailangang gamitin sa mga ipapaskil na video sa *Youtube* bilang proyekto, o ang Midya na magdidikta kung anong wika ang kinakailangang gamitin sa mga *Facebook meme* ng Mang Inasal upang bumenta ito), kundi pati na rin sa pagitan ng mismong mga indibidwal na gumagamit ng wika (halimbawa, ang paglipat mula wikang Filipino patungong wikang Ingles kung hindi maunawaan ng kausap na banyaga sa isang *chat room*). Samakatuwid, ang lahat ng mga institusyon (mula Akademya hanggang Gobyerno halimbawa) ng isang bansa, maging ang lahat ng maaaring sangkot sa pagpapalakas ng kanilang wika ay may mahalagang papel na kailangang gawin.

Dagdag pa rito, nangyayari ang Pangangasiwang Pangwika sa loob ng iba’t ibang mga panlipunang network hindi lamang sa mga organisasyon ng estado, kundi maging sa mga “maliliit” na grupo ng mga indibidwal, maging sa mga indibidwal na ispiker ng isang partikular na wika. Mahalagang unawain kung gayon ang iba’t ibang mga internal at eksternal na salik na nakaiimpluwensiya sa tiyak na mga *speech community* sa kung ano ang wika na kanilang gagamitin at kung paano nila gagamitin ang wikang ito. Sa halip na “kabuuang komunidad” kaagad ang tingnan at unawain, mas mainam na sipatin ito sa mga partikular na “domeyn” gaya ng pamilya at tahanan, relihiyon, trabaho at negosyo, pampublikong espasyo, mga organisasyong pangmilitar, gobyerno, midya, at iba pa (Spolsky 1-3).

Gaya nang sinipat sa pag-aaral, pinalitaw at sinuri ang mga paniniwala ng mga Pilipino hinggil sa paggamit ng wikang Filipino sa internet. Isa itong paraan na makatutulong upang makita ang sitwasyong pangwika ng pambansang wika sa konteksto ng internet; lalo na ang pagtukoy sa ilang mga kahinaan nito nang sa gayon ay makabuo ng mga karampatang hakbang upang masolusyonan ang mga ito. Batay sa inilatag na konseptwalisasyon ng Pangangasiwang Pangwika, malinaw na ang pangunahing tunguhin nito sa konteksto ng internet ay makagawa ng mga hakbang upang mas magamit ang wikang Filipino sa internet.

Sa natunghayan ng pag-aaral, wala sa anyo at antas ng linggwistika ang kahinaan sa paggamit ng wikang Filipino sa internet. Mainam itong naipapasok sa kompyuter at sa internet, at mainam din itong nagsisilbi bilang wika ng komunikasyon. Batay sa mga paniniwala sa wika ng mga Pilipinong nag-iinternet, lumilitaw na mas ideolohikal o base sa persepyon ang halaga at pagpapahalaga ng mga Pilipino hinggil sa pambansang wika. May mga paniniwala hinggil sa makitid na pagtingin ng mga Pilipino na “baduy” at “hindi maari/kaya” ang marubdob na paggamit ng wikang Filipino sa kanilang pag-iinternet. Sa pagpapatunay na mahalaga ang paniniwala sa wika bilang isang “sukatan” sa anumang proyektong may kinalaman sa Pangangasiwang Pangwika, mas matitiyak kung gayon ang anumang papel at istatus na kinakailangang makamit ng pambansang wika sa internet.

Samakatuwid, ang pag-unawa sa mga kalakasan, kahinaan, restriksyon, at limitasyon sa paggamit ng wikang Filipino sa internet ay mas magbibigay ng malinaw na hakbang sa lalong pagpapalakas nito. Mula sa paniniwala ng mga kalahok, lumilitaw na may kahinaan hinggil sa paggamit ng wikang Filipino bilang wika sa malawakang impormasyong makikita at mababasa sa internet, at bilang wika na ginagamit sa transaksyon sa iba’t ibang pampubliko at pampribadong websayt. *Ilang Panukalang Hakbang sa Pagpapalakas ng Wikang Filipino sa Internet.*

Krusyal sapagkat nararapat na baguhin ang mga maling pagtingin na ikinakabit hinggil sa paggamit ng wikang Filipino sa internet. Problemang maituturing kung gayon, na sa usapin ng paniniwala sa wika, kung papaano mapaiigting at mapalalakas ang paggusto/pagkakagusto ng mga Pilipinong gamitin ang wikang Filipino sa internet. Sa ganitong antas ng problematisasyon, kinakailangang lumagpas pa sa usapin ng internet lamang ang anumang bubuuang hakbang at solusyon. Upang masanay ang mga Pilipino na gamitin ang wikang Filipino sa kanilang pakikipagtransaksyon sa internet halimbawa, kinakailangang maigiit ang paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng mga nilalaman ng mga websayt ng Pilipinas. Kasama na rito ang anumang opisyal na dokumento, impormasyon, pabatid, balita, at iba pa na ipinapaskil sa mga websayt na ito. Maaaring mangailangan ito ng mga angkop na batas at/o palisi upang maisulat ang nilalaman ng mga websayt sa wikang Filipino. Sa ganitong proyekto, mas mapadadali ang anumang paglolokalays ng mga banyagang websayt, at mas mapaiigting ang anumang ilulunsad na mga Pilipinong/Filipinong websayt sa internet. Kung maisasakatuparan ito, maaaring makatulong ito upang masanay ang mga Pilipino sa paggamit ng wikang Filipino

HASAAN

halimbawa, sa kanilang pagbabangko o sa kanilang pagkuha ng *birth certificate* sa websayt ng National Statistics Office. Samakatuwid, mula sa nakuhang datos, kinakailangang problemahin na sa lalong madaling panahon kung paano magiging wika ng impormasyon at transaksyon ang wikang Filipino sa internet.

1. Pag-uswag ng mga Impormasyon na Nakasulat sa Wikang Filipino.

Maaaring paigtingin ang ganitong hakbang sa mga kolaboratibong espasyo sa internet gaya ng mga wiki. Bagaman maraming mga paksa ang maaaring talakayin dito, nakukulong lamang ang mga ito sa usapin ng kultura, kasaysayan, at panitikang Pilipino. Kinakailangang makasulat na ng iba't ibang mga teksto/impormasyon gamit ang wikang Filipino mula sa iba pang larangan. Matapos nito, kagyat na paramihin din ang mga impormasyong nakasulat sa wikang Filipino lalo na sa iba't ibang websayt ng Pilipinas.

2. Paglikha ng Onlayn na Resources hinggil sa Paggamit ng Wikang Filipino.

Kadalasang umaasa ang mga Pilipinong nag-iinternet hinggil sa salin ng wikang Filipino sa wikang Ingles at *vice versa*. Bagaman nakatutulong ang *machine translation* na ipinagagamit nang libre ng *Google* at *Microsoft* halimbawa, may pangangailangang makabuo ng isang “katanggap-tanggap” na korpus at sintaks nang sa gayon ay mas maging angkop ito sa anumang pagsasalin sa internet. Ito man ay bunsod ng personal na pangangailagan o pagsasalin sa kabuuang impormasyon ng isang websayt halimbawa. Sa ganitong punto, maaaring maiwasan ang pagtanggì sa paggamit na maaaring gawin ng mga ispiker ng wikang Filipino. Marami nang mga teknolohiya hinggil sa *computational linguistics* halimbawa ang maaaring gamitin nang sa gayon ay mas magamit ang wikang Filipino sa internet sa pamamagitan ng paglikom, pag-aangkop, pag-eedit, at pagsasalin ng wika (e.g. synthesizers at speech recognizers, editors at translators).

3. Paglolokalays sa mga Software.

Isa itong adaptasyon ng isang *software program* na sadyang dinisenyo para sa isang partikular na wika at kultura ng isang bansa. Bagaman napakateknikal ng usaping ito lalo na sa *computer code* na ginagamit dito, nailulugar ang kahalagahan ng wika sa mismong *interface* na namamagitan sa pagitan ng kompyuter/internet at ng gumagamit nito. Maraming mga elemento ang

kinakailangan mailokalays gaya ng mga salitang *menu, dialogue box, notification, online help, navigation command, navigation button, graphic interface, unit of measurement, user manual, tutorial, installation, at iba pa*. Sa pamamagitan nito, mas madaling magagamit ito ng isang Pilipino dahil mas pamilyar siya sa wika at kultura ng kaniyang bansa. Kung maisasakatuparan ito, mas madali nang magagamit ang wikang Filipino bilang wika ng transaksyon sa iba't ibang mga websayt na pinangyayarihan ng iba't ibang mga onlayn na gawain gaya ng *online banking, online shopping, job searching, online advertising, e-government, at iba pa*.

4. Paggamit sa Wikang Filipino bilang Primaryang (Default) Wika sa mga Websayt ng Pilipinas

Kinakailangan na nasa wikang Filipino orihinal na nakasulat ang lahat ng nilalaman at *interface* ng isang partikular na websayt ng Pilipinas. Ito ang primaryang wika na gagamitin sa lahat ng domeyn ng kaalaman at disiplina sa internet. Magiging opsyonal na wika lamang ang ibang mga banyagang wika gaya ng wikang Ingles, Intsik, Kastila, Hapon, Aleman at iba pang mga internasyonal na wika ng mundo. Sa panahon ng transisyon, mainam na gumawa ng mirror site na nakasulat sa wikang Filipino. Dagdag pa rito, kinakailangang maisalin sa wikang Filipino ang lahat ng mga opisyal na dokumento na maaaring *ma-i-download* ng mga Pilipinong nag-iinternet. Kaugnay din nito, ang lahat ng anunsyo, pabatid, at impormasyon sa serbisyo publiko na nakapaskil sa mga websayt ay kailangang maisalin din sa wikang Filipino.

5. Paglulunsad at Pagpapatupad ng mga Karampatang Kampanya at Programang Pang-advokasi.

Kagyat na pangangailangan rin na maimpluwensiyahan ang personal na mga saloobin, naiisip, aktitud, at pangkalahatang ideolohiya ng mga Pilipino hinggil sa maling kamalayan sa wikang Filipino. Mas mainam kung hindi lamang sa usapin ng mga paksang may kinalaman sa mga Pilipino at Pilipinas iniuugnay ang paggamit sa pambansang wika. Maaaring ang mga ito ay: una, edukasyonal na kampanya na ilulunsad ng gobyerno at mga ahensiya nito, mga akademikong institusyon, at mga lokal na institusyon, upang mailapit ang mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa internet. Ikalawa, mga kampanya na maaaring magmula sa iba't ibang asosasyon, organisasyon, o ahensiya (Tanggol Wika, KWF, UP-SWF, mga departamento ng Filipino sa iba't ibang akademikong institusyon,

HASAAN

at iba pa) na may kinalaman sa pagpapatupad ng palisi sa wikang Filipino at sa paggamit nito sa iba't ibang disiplina. Ikatlo, pagpaparami at paglulunsad ng iba't ibang seminar, forum, patimpalak na may kinalaman sa paggamit ng wikang Filipino partikular sa internet. Makatutulong ang mga ito hindi lamang sa pagpaparami ng iba't ibang mga impormasyon, kundi sa pagpaparami at pagpapatatag ng mga komunidad na gumagamit ng wikang Filipino sa internet. Naipakita na ang ganitong tunguhin kahit sa *Facebook* noong mangampanya ang Tanggol Wika na gamitin ang wikang Filipino sa pagpapaskil ng mga saloobin at komento bilang protesta sa pagtatanggal ng Filipino bilang asignatura sa mga kolehiyo. Dagdag pa rito, maari ring ipaskil o *i-upload* upang maikalat ang anumang pananaliksik, proyekto, kagamitang pampagturo, mga modyul, mga *multimedia resource*, at iba pa na nakasulat sa wikang Filipino.

Konklusyon

Hindi nararapat na magtapos ang usapin ng pagpapalakas ng wikang Filipino sa internet sa katotohanang nagagamit ito sa pang-araw-araw na pakikipag-usap ng mga Pilipino. Bagaman aktibong nakiisa ang mga Pilipino sa *pag-post*, *pag-tweet*, at pagkomento sa mga usapan sa internet na may kinalaman halimbawa sa Mamasapano encounter, agawan ng teritoryo sa West Philippine Sea, laglag-bala scam, pagpatay sa mga Lumad, anibersaryo ng AlDub, pagkapanalo ng Pilipinas sa Miss Universe, paglilibing kay Presidente Marcos sa Libingan ng mga Bayani, at maging ang paglalaro ng Pokemon Go ay wala itong garantiya na wikang Filipino ang agarang ginagamit ng mga Pilipino. May pagsusumikap na mula sa mga personal at organisasyonal na antas ang pagpapalakas ng wikang Filipino sa internet. Nariyan halimbawa ang pagdami ng mga blog mula sa mga indibidwal na sumusulat sa wikang Filipino; pagpaparami ng mga nilalaman sa websayt (*web content*) na may kinalaman sa kultura ng mga Pilipino; *pag-a-upload* ng KWF, UP-SWF, Tanggol Wika, Wikipedia ng mga patalastas at *infographic* hinggil sa pambansang wika; paglalagay sa internet ng *video* ng mga talastasang-bayan hinggil sa eleksiyon, State of the Nation Address, at iba pang mga diyalogo hinggil sa mga usaping panlipunan.

Gaya ng inilatag sa pag-aaral, nararapat na maging aktibo ang wikang Filipino hindi lamang sa komunikatibong aspekto, kundi maging sa impormatibo, at transaksyunal na mga aspekto nito sa larangan ng internet. Kinakailangan ang kagyat na pagbuo at pagpapanukala ng mga hakbang na magsusulong upang

mapataas, mapangalagaan, at mapaunlad ang paggamit ng wikang Filipino na naglalayong mapabuti, mapayaman, at sa bandang huli'y maintelektuwalisa ang pambansang wika sa larangan ng internet.

Sa kalagayan ng Pilipinas bilang umuunlad na bansa, hindi lamang nararapat na makulong ang usapin ng pangangasiwa sa mga pang-ekonomikong proyekto. Ipinamalas ng pag-aaral na ito na may pangangailangan nang mapangasiwaan ang pambansang wika, lalo na hinggil sa pag-agapay nito bilang maliit na wika (*minor language*) sa internet. Mahalagang magkaroon ng representasyon ang kultura at lipunang Pilipino sa isang global na espasyo, sa pamamagitan ng pagpapataas, pangangalaga, at pagpapaunlad ng wikang Filipino sa internet.

Isang kritikal at esensyal na motibasyon na mapaingting pang lalo ang pambansang wika sa usapin ng *Information and Communications Technology* (ICT) partikular na sa internet. Ang pag-aaral na ito'y masasabing una ngunit hindi nangangahulugang pagtatapos sa iba pang mga pag-aaral hinggil sa paggamit ng wikang Filipino sa internet. Nananatiling bukas ang pagtatampok sa iba pang mga lapit, salik, at antas na maaaring labas na sa sakop ng pag-aaral, nang sa gayo'y makasabay din naman ang anumang bubuuing iskolarsyip sa takbo ng panahon at sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya.

Mga Sanggunian

- Baym, Nancy. "The Emergence of Community in Computer Mediated Communication." *Cybersociety: Computer Mediated Communication and Community* inedit ni Steven Jones, Newbury Park, CA: Sage, 1995, 138-163. Nakalimbag.
- Canazza Mario. "Global Effort on Bridging the Digital Divide and the Role of ICT Standardization." *Proc IEEE Conference on Innovations for Digital Inclusions* on Aug. 31-Sept. 1, 2009: 1-7. Nakalimbag.
- Concepcion, Gerard. "Pagpapalakas sa Penetrasyon at Representasyon ng Wikang Filipino sa Internet." St. Louis University, Baguio City. 21Pebrero 2013. Papel sa Komperensiya.
- Cruz, Isagani. "Ang Filipino sa Internet." *Daluyan* 8.1-2 (1997): 69-74. Nakalimbag.
- Cullen, Rowena. "Addressing the Digital Divide." *Online Information Review* 25.5 (2001): 311-320. Nakalimbag.
- Gerrand, Peter. *Minority Languages on the Internet: Promoting the Regional Languages of Spain*. Germany: VDM Verlag, 2009. Nakalimbag.
- Labucay, Iramae. "Internet Use in the Philippines." *Annual Conference of the World Association for Public Opinion*. Amsterdam, The Netherlands. 21 September 2011. Web. 17 Hunyo 2013.
- Parsons-Yazzie, Evangeline. *A Study for Navajo Language Attrition as Perceived by Navajo-Speaking Parents*. Ph.D. Dissertation, Northern Arizona University, Flagstaff AZ, 1995. Di limbag.
- Pimienta, Daniel et al. *Twelve Years of Measuring Linguistic Diversity in the Internet: Balance and Perspectives*. Paris: UNESCO, 2009. Nakalimbag.
- Ricento, Thomas. *An Introduction to Language Policy: Theory and Method*. UK: Blackwell Publishing, 2006. Nakalimbag.
- Spolsky, Bernard. *Language Policy*. Cambridge: Cambridge University Press, 2004. Nakalimbag.
- UNESCO. *Expert Meeting Report: Towards UNESCO Guidelines on Language Policies a Tool for Language Assessment and Planning*. Switzerland: UNESCO, 2012. Nakalimbag.
- Zhao, Shouhui and Richard Baldauf, Jr. *Planning Chinese Characters: Reaction, Evolution or Revolution?*. The Netherlands: Springer, 2008. Nakalimbag.